# Parang May Kapatid din Ako



**Mga Letra: a, b, d, e, g, h, i, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, w, y ( - )**

Isinulat ni Ailyn E. Capricho
Iginuhit ni Rujen J. Cainto
Sinuri nina Cristina B. Leaño, Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban




Isang araw, nagpaguhit ang aming guro. Tungkol ito sa aming mga kapatid. Kaagad kaming gumuhit nang sabay-sabay.



Unang nagpakita ng larawan at nagkuwento si Leni. May isa siyang nakababatang kapatid na lalaki. Madalas itong nangungulit sa kaniya pero palagi silang masaya.




Pangalawang nagpakita ng larawan at nagkuwento si Bam. May kambal na babae siyang kapatid. Lagi silang magkakasama sa pagsisimba at pamamasyal sa parke.




Sabi naman ni Ada, may tatlo siyang kuya. Paglalaro ng sipa at kadang-kadang ang hilig nila. Ang saya-saya nila kapag magkakasama.




“Ako si Lito, nag-iisang anak ng aking mga magulang. Ako lang daw ang ibinigay ng Diyos sa kanila. Masaya pa rin ako kahit nag-iisa.”




“Madalas kong kasama ang masasaya kong pinsan. Palagi kaming naglalaro ng sipa at patintero. Kaya parang may mga kapatid na rin ako.”



Nariyan din sina lolo at lola na palaging nagpapasaya. Tuwing gabi, inaabangan ko ang mga kuwento nila. Kaya naman palaging masaya ang aming pamilya.



"Lalo na at nariyan ang mapapagmahal kong mga magulang. Yakap at halik ang panggising sa akin tuwing umaga. Talagang ang saya-saya ko."



“Madalas kaming naglalaro ng aking mga magulang. Basketbol ang paborito namin, kaya parang may mga kapatid na rin ako.”



“Kahit nag-iisang anak,
masaya pa rin ako!”
“Napakahusay!” sabi ng aming guro.
Nagpalakpakan silang lahat sa kuwento at mga iginuhit ko.

## Mga Tanong at Gawain

1. Sino ang nag-iisang anak sa kuwentong binasa mo?

2. Bakit nasabi ni Lito na parang may kapatid na rin siya?

3. Kung ikaw si Lito, gugustuhin mo ba na magkaroon ng kapatid? Bakit?

4. Ano ang karaniwang nararamdaman ng magkakapatid kapag magkakasama sa bahay?

5. Iguhit mo ang iyong kapatid at magkuwento tungkol sa iyong ginuhit.

6. Isadula ang kadalasang ginagawa sa bahay ng magkakapatid.